# PANITIKAN MABISANG KASANGKAPAN SA PAGTUTURO NG KASAYSAYAN

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Maraming mga mag-aaral sa kasalukuyan ang kulang na kulang sa kaalaman sa kasaysayang pandaigdig man o sa ating sariling bayan, lalong higit ukol sa una at ikalawang digmaang pandaigdig.

Maraming kadahilanan ang maaaring sanhi ng kakulangang ito sa kaalaman sa kasaysayan ng mga mag- aaral sa kasalukuyang henerasyon – kakulangan sa pagbabasa ukol sa kasaysayan o kawalan ng interes sa nasabing mga paksa, at kaakibat na rin ng kawalang interes na ito ang hirap sa pag-unawa sa aralin ng guro ukol sa mga naturang paksa; kakulangan o walang kamalayan ukol sa mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan sapagkat hindi pa sila o maging ang kanilang mga magulang nang maganap ang mga ito; at marami pang kadahilanan.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi maikakaila ang kahalagahan ng motibasyon at pagpokus sa interes ng mag-aaral sa anumang paksa o aralin, gayundin sa pag- aaral ng kasaysayan. Maraming mag-aaral ang di maiwasang mainip o antukin sa paksang ito sapagkat ang kasaysayan ay isang mahabang salaysayin ukol sa mga mahahalagang pangyayari sa nakaraan. Isang mabisang paraan upang maganyak ang mga mag-aaral na makinig at makiisa sa talakayan ay ang paggamit ng iba't- ibang uri ng panitikan na kanilang katutuwaan at kagigiliwan habang natututunan nila ang mga mahahalagang aralin ukol sa kasayasayan.

Ang panitikan ay sumasalamin sa mga damdamin, pangyayari, at iba pang aspeto ng buhay ng tao. Maraming akdang pampanitikan ang batay o ukol sa ilang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan. Bukod dito, maraming uri ng akdang

pampanitikan ang maaaring magamit ng guro sa kanyang pagtuturo ng kasaysayan upang mas maipadama at maipakita sa mga mag- aaral ang mga nilalaman ng kanyang paksa (Rossenblatt, 1995), gaya na lamang ng panunuod ng pelikula o mga bidyo. Bagamat ang paggamit ng mga panoorin ukol sa kasaysayan ay pumupukaw pa rin ng mga usapin ukol sa pampaaralang midya at gurong gumagamit ng mga midya sa kanyang pagtuturo. May ilang pag- aaral ang nagsasabing maraming mga guro sa kasalukuyan ang walang wastong pagsasanay sa paggamit ng uring ito ng panitikan (Stoddard, 2010).

Ang pagbabasa ng mga sanaysay, talambuhay, talaarawan, at iba pang uri ng panitikan na nagsasaad ng mga pangyayari batay sa tunay na buhay o karanasan ay higit na mainam na kasangkapan sa pagtuturo ng kasaysayan, subalit ang guro ay dapat na may lubos na kasanayan at pagpaplano sa paggamit ng mga ito upang makuha niya ang atensyon at interes ng mga mag aaral upang hindi sila mainip at antukin sa klase.

Tunay ngang malayo na ang narating ng modernisasyon maging sa larangan ng edukasyon. Ang mga inobasyon at stratehiyang gaya ng paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng kasaysayan ay mabisa kaakibat ang matamang pananaliksik, at pagpaplano ng aralin at kung paano ito gagamitin at iuugnay sa aralin (Fogo, 2014).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Fogo, Bradley. "Core Practices for Teaching History: The Results of a Delphi Panel Survey." Theory and Research in Social Education, Vol. 42, Issue 2 (2014): Pages 151-196
.

Rosenblatt, Louise M. "Chapter one: The Challenge of Literature." Literature as Exploration. New Jersey, 1995.

Stoddart, Jeremy D. "Film as a ‘thoughtful’ medium for teaching history." Learning Media and Technology (2010): Pages 271-288.

Tunnell, Michael O. "The Story of Ourselves: Teaching History through Children's Literature." ERIC (1993).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan